Malaya (06 Nov. 2015)

# [ MANILA CITY KIPASIYAHAN BLG. 431 Serye ng 2015, October 29, 2015 ]

**PANGKARANIWANG PULONG BLG. 183**
**IKA-9 SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHIKAYAT SA NATIONAL HISTORICAL COMMISSION OF THE PHILIPPINES NA IDEKLARA ANG PAGKILALA SA IGLESIA NI CRISTO-LOKAL NG TAYUMAN, BILANG ISANG MAKASAYSAYANG POOK SA LUNGSOD NG MAYNILA, NA MAGDIRIWANG NG SENTENARYO NG PAGKAKATATAG SA IKA-6 NG NOBYEMBRE 2015**

---


| | |
|---|---|
| MGA MAY-AKDA: | **KGG. ERNESTO M. DIONISIO, JR.**<br>Pansamantalang Punong Mayorya<br>**KGG. ROLANDO M. VALERIANO**<br>**KGG. EDWARD V.P. MACEDA**<br>Pansamantalang Tagapangulo<br>**KGG. JOHN MARVIN "Yul Servo" NIETO**<br>**KGG. SALVADOR H. LACUNA**<br>**KGG. MARLON M. LACSON**<br>Punong Mayorya<br>**KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO**<br>**KGG. FRANCISCO "Isko Moreno" DOMAGOSO**<br>Pangalawang Punong Lungsod at Tagapangulo |


---

SAPAGKAT, ang Iglesia Ni Cristo - lokal ng Tayuman ay magdiriwang ng kanyang ika-100 taon ng kanyang pagkakatatag sa ika-6 ng Nobyembre, 2015;

SAPAGKAT, ang lokal ng Tayuman ay itinuturing na ikalawang lokal na naitayo ni Kapatid Felix Y. Manalo kasunod ng lokal ng Punta, Sta, Ana, kung saan pansamantalang naninirahan si Ka Felix sa Kalye ng Ipil sa Tayuman;

SAPAGKAT, ang lokal ng Tayuman ay naging saksi sa mahahalagang bahagi sa makabuluhang pagbabago at kaganapan sa Lungsod ng Maynila;

SAPAGKAT, noong panahon ng digmaan sa pagitan ng Pilipinas at bansang hapon, naging sentro at tanggapang pangkalahatan ng Iglesia Ni Cristo ang lokal ng Tayuman;

SAPAGKAT, sa lokal din ng Tayuman isinagawa ni Ka Felix ang kauna-unahang klase ng mga Ministro sa kasaysayan ng Iglesia Ni Cristo;

SAPAGKAT, ang National Historical Commission of the Philippines (Pambansang